Catholic Filipino Academy

BUWAN NG WIKA

Aug 26, 2011 Newsletter

Ito'y ginanap sa Mercalo fitness center, Lungsod ng Pasig

Ang hindi magmahal sa sariling Wika ay mas masahol pa sa malansang isda -
Gat. Jose P. Rizal

PISTA NG CFA

Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pilipino
naganap noong Ika-26 ng Agosto.
Buong pamilya ay sa Fitness Center ng Meralco nagtungo,
upang makiisa sa ginanap na mga palaro.

Apat na pangkat ang nabuo,
bawat pamilya ay may kinabibilangang Angkan para sa mga laro.

Pula, puti, bughaw at dilaw ang mga kulay,
tulad ng watawat ng Pilipinas sa pagdiriwang nagbigay kulay.

Pagsunod at
Pananampalataya
ginamit na paksa,
sa pagdiriwang ng
Buwan ng Wika.

Mahalagang
matutunan ng bawat
bata,
upang pagbuklurin
hindi lang ang
pamilya kundi ang
buong bansa.

Ang programa ay
sinimulan,
ng mag-aaral na si
Nathaniel de Guzman.
Kasama ang mga
mag-aaral mula sa
Ikalawang Baitang,
sabay-sabay
nagsiawit ng Lupang
Hinirang.

Pasasalamat sa Diyos
Ama,
alay ng mga pamilya.
Pamilya Macatol ang
nanguna,
anak na si Maurice
John ang nagpakilala.

Sinundan ng mag-
aaral na si Alex Mejia,
na siyang kay
Ginoong Rene
Espinosa nagpakilala.
Isang mensaheng
nagbibigay
inspirasyon,
alay sa mga
pamilyang naroon.

Ang programa naman
ay pinangunahan,
Ng mag-asawang Sol
na si Ira at Arman.
Ang mag-aaral na si
Dana Candelaria,
ay nagpahayag na
“tunay na bagay na
bagay si Tito Arman
at Tita Ira”.

Nanalo o natalo man,
mas binigyang halaga
ang pagkakaibigan.

Ang bawat Angkan ay ipinakilala,
kapitan ng bawat pangkat sa harapan
ng lahat ay nanguna.
Panunumpa ng mga Manlalaro
sinambit ng bawat isa,
bilang isang tunay na Pilipino,
ipinagmalaking mayroon tayong
disiplina.

Ito ay sinundan ng isang parada, pagkatapos mga palaro ay sinimulan na.
Magwalis ay di Biro para sa Kinder hanggang sa ikatlong Baitang,
Ika-apat hanggang Ika-anim na Baitang, agawang panyo naman.

Mga larong Pinoy tunay na kakaiba, Taguang bato, pasahang niyog, kadang-kadang, sungka at marami pang iba.

Ang mga sigawan at tawanan ay musikang kay sarap pakinggan, nanalo o natalo man, mas binigyang halaga ang pagkakaibigan.

ang may akda -
Gng. Jen Bellosillo

Tunay na kay gandang pagmasdan
ipinamalas na disiplina,
hanggang sa pagpila sa pagkain ay
kitang-kita.
Pansit, turon, kakanin, tinapay, okoy,
sago't gulaman at mga prutas na iba-
iba,
masayang pinagsaluhan at nagbigay
kalakasan sa pangangatawan ng
bawat isa.

Pasasalamat ang alay sa butihing
mga magulang,
ng mga mag-aaral mula sa
Ikalawang baitang.
Sa pagtugon sa paayayang sa mga
Komite ay mapabilang.
Sa CFA Team at mga Koordineytor
naman,
maraming salamat po sa oras na
inilaan at ito sana ay nagdulot sa
inyo ng kasiyahan.

Pasasalamat sa Diyos Ama,
lahat ng papuri ay ialay sa Kanya.
Isang matagumpay na pagsasama-
sama,
kasiyahan at pagkakaibigan baon sa
pag-uwi ng bawat pamilya.

Hanggang sa muli nating pagkikita!